

# Protektahan ang Iyong Sarili Mula sa Parehong COVID-19 at Trangkaso

Narito na ang panahon ng trangkaso. Ito ay mula Oktubre hanggang Mayo.

At nasa atin pa rin ang COVID-19.

Protektahan ang iyong sarili mula sa parehong mga sakit sa lalong madaling panahon.

Maaari mong makuha ang parehong mga bakuna nang sabay, kahit anong dosis ng bakuna para sa COVID-19 ang kailangan mo.



## Sino ang Makakakuha ng Parehong mga Bakuna

Sa oras na ito, kwalipikado ang lahat ng nasa edad na 5 taong gulang at mas matanda para sa parehong bakuna para sa COVID-19 at isang bakuna laban sa trangkaso.

Hindi mahalaga kung aling dosis ng bakuna sa COVID-19 ang kailangan mo. Maaari mong kunin ang parehong mga bakuna kapag bumisita ka sa iyong health care provider o isang parmasya.



### Saan makakahanap ng mga bakuna para sa COVID-19

Maghanap ng mga libreng bakuna para sa COVID-19 na malapit sa iyo:



Pumunta sa **vaccines.gov**



I-text ang **iyong ZIP code** sa **438829**



Tumawag sa **1-800-232-0233**

